
# PROJECT EASE

## ( Effective and Affordable Secondary Education )

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



**MODYUL BILANG 10**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I
# Yunit 1
# Modyul Blg. 10

# Ang Misyon Ko Sa Buhay

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Mapalad ka talagang nilalang! Ikaw ay natatangi. May kapasidad kang malaman ang katotohanan at magpasya para sa kabutihan. Ang iyong malinis na konsensya ay daan para sa isang matatag na pagkatao at personalidad. Kaya bilang taong mayroong dignidad, mahalagang linawin mo ng katuturan ang iyong buhay. Higit na magiging makabuluhan ang iyong buhay kong magagamit mo ito nang wasto.

May misyon ka ba sa iyong buhay? Mayroon ka bang inaasam at nakikinitang hinaharap na magtatalaga sa iyo upang maging ganap ang iyong pagkatao? Kanino mo ito inilalaan?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang natutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Naipaliliwanag ang kahulugan ng misyon sa buhay ng tao
B. Nakabubuo ng sariling misyon sa buhay
C. Napahahalagahan ang misyon sa buhay sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga pamamaraan ng pagkamit nito

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga

tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.

6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Lagyan ng tsek (/) ang kolum na higit na naglalarawan sa iyo.

| | Palagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Iniisip ko ang mga taong mahalaga sa akin. | | | |
| 2. Naglaan ako ng panahon para matapos ang aking gawain. | | | |
| 3. Alam ko ang aking mga gampanin at papel sa aking buhay. | | | |
| 4. Nais kong makasama ang mahal ko sa buhay sa pagtamo ng aking pangarap. | | | |
| 5. Matiyaga ako sa paghihintay ng aking mga pangarap sa buhay. | | | |
| 6. Iniisip ko ang aking misyon sa buhay. | | | |
| 7. Minamahalaga ko ang kapakanan ang aking kapwa. | | | |
| 8. Naniniwala ako na matutupad ang aking mga pangarap. | | | |
| 9. Sinisikap kong malutas ang aking mga suliranin. | | | |
| 10. May pagpapahalaga ako sa aking buhay at pagkatao. | | | |

B. Basahing mabuti ang sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang bawat tao ay mayroong misyon sa buhay. Ang pagbuo ng misyon ng bawat tao ay tinataawag na
   a. indibidwal na misyon
   b. personal na misyon
   c. pangkatang misyon
   d. institusyunal na misyon

2. Ang mga kabilang na salik sa pagbuo ng misyon ay ang mga sumusunod liban sa isa:
   a. gusto o nais mo sa buhay.
   b. pinahahalagahan mo.
   c. pinaniniwalaan mo.
   d. kapalaran mo.

3. Kinakailangan ng matiyagang pagbubuo ng misyon sa buhay tulad ng sumusunod liban sa isa:
   a. maraming araw ng pagsusuri at pagmumuni-muni
   b. paulit ulit na pagsusulat
   c. paggastos ng pera
   d. pagbabago ng mga pahayag


4. Dahil sa matiyagang pagbuo ng misyon, maaari na itong maging
   a. maging saligan ng iyong mga parangarap
   b. makabuluhang pahayag ng iyong pananaw
   c. kabuuan ng iyong mga pagpapahalaga
   d. batayan ng iyong kapalaran sa buhay

5. Ang bawat salita at pahayag sa iyong ginawang misyon ay repleksyon ng iyong __________ liban sa isa.
   a. pag-uugali
   b. kayamanan
   c. pagpapahalaga
   d. paniniwala

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

Isulat sa bawat baitang ang mga bagay na iyong nagawa at ginagawa nang may kaligayahan at pagkukusa para sa mga sumusunod:




## Sagutin Mo

1. Ano ang iyong nadarama kung ang iyong ginagawa ay may pagkukusa?
2. Bakit mo ginawa o ginagawa mo ang mga bagay na ito?
3. Anu-ano ang mga layunin ng tao sa paggawa ng kabutihan?

## Gawain Blg. 2

Basahin ang naging pananaw ni Mother Teresa tungkol sa kahalagahan ng buhay.

Si Mother Teresa ay tinaguriang “The Living Saint” noong siya ay nabubuhay pa. Mula sa Calcutta ay naging tagapagkalinga siya ng mga maysakit at naghihirap sa iba’t ibang panig ng mundo.

Ayon kay Gilda Cordero-Fernando ng Philippine Daily Inquirer, may kaibigan na nakasama ni Mother Teresa sa India. Tinanong daw siya nito kung bakit kailangan pang linisin, paliguan at gupitan ng mga kuko ang mga taong may malalang sakit at nanlilimahid sa dumi kung sila naman ay maaaring mamatay kinabukasan. Ang naging tugon ni Mother Teresa ay kung ang mga taong ito raw ay makadama ng tunay na pagmamahal kahit na isang segundo lamang sa kanilang kapwa ay nagawa na ng tao ang kanyang tungkulin sa mundo.

Malinaw na ang misyon ni Mother Teresa ay ang ipadama ang pagmamahal ng Diyos sa mga taong maliliit, inabandona at wala ng pag-asa. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapwa nang walang hinihintay na kapalit. Sa kabila ng kanyang nagawa, buong pakumbabang binanggit niya ito:

“Ang lahat ay ginawa ng Diyos. Hindi ko ito ginawa. Ako ay isa lamang maliit na lapis na nasa kamay ng Diyos.”*(All has been God’s work. Nothing has been my work. I’m just a small pencil in God’s hand.)*

## Sagutin Mo


1. Paano ginugol ni Mother Teresa ang kanyang buhay?
2. Bakit siya tinaguriang “The Living Saint”?
3. Ano ang kanyang naging misyon sa mundo?
4. Ikaw ba ay mayroong misyon sa buhay? Ano ito?
5. Paano mo kaya maisasakatuparan ang iyong misyon sa buhay?

## Gawain Blg. 3

Isipin mong ikaw ang kabataang nasa ibaba ng bundok. Isulat sa araw ang iyong misyon at sa ulap ang iyong pangarap. Sa daan paakyat sa bundok ay isulat naman ang iyong gagawin sa loob ng limang taon upang matamo ang misyon at pangarap sa buhay.

Gamiting gabay ang halimbawang ito:

Pangarap – Makatapos ng pag-aaral
Misyon – Makatulong sa kapatid at magulang




## Sagutin Mo

1. Ano ang nadama mo sa gawain?

2. Madali bang tahakin ang daan patungo sa iyong pangarap? Bakit?
3. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng misyon sa buhay?

## IV. Ano ang Iyong Natuklasan?

1. Ano ang kahulugan ng misyon para sa iyo?
2. Nasiyahan ka ba sa nabuo mong misyon sa buhay mula sa mga gawain? Ipaliwanag.
3. Paano mo maisasakatuparan ang misyon mo sa buhay?

## V. Pagpapatibay

Ang ating misyon sa buhay ang dahilan natin kung bakit tayo nabubuhay. Ito ang nagbibigay ng kulay at ningning sa pagtahak natin patungo sa ating mga pangarap sa buhay.

Maging ang mga paaralan, samahan o mga institusyon ay mayroong binuong misyon na kadalasan ay mababasa sa harap ng kanilang gusali. Sa kanilang misyon ay nakapaloob ang pagpapahalaga ng kanilang gawain o serbisyo.

Sa isang indibidwal, ang kanyang personal na misyon ang tanglaw at gabay sa pagkamit ng kanyang hangarin at pangarap sa buhay. Nakapaloob dito ang mga prinsipyo na nagpapatatag sa kanya sa anumang pagsubok at suliranin.

Ang personal na misyon ay maaaring tumugon sa mga sumusunod na tanong:

- Ano ang gusto ko sa buhay?
- Ano ang pinahahalagahan ko?
- Ano ang pinaniniwalaan ko?
- Sa dulo ng aking buhay, ano ang nais kong marating?
- Ano ang nais kong masabi at maiwanan sa mga taong mahalaga sa akin?
- Sinu-sino ang gusto kong makasama sa pagtupad ng aking misyon?
- Sinu-sino ang gusto kong makinabang sa aking misyon sa buhay?

Hindi ba't napakahusay na magkaroon ang tao ng misyon sa buhay? Ang misyong ito ang magbibigay daan upang maitaguyod niya ang kaganapan ng kanyang pagkatao.

A Guidance Resource Manual on the Growing Filipino Adolescent
Module 2, RHGP, BSE-DECS, 1998, ph. 27-29

Mahalaga ang pananaw ni Stephen R. Covey ukol sa pagpapahayag ng misyon. Ito ay hindi raw ginagawa ng madalian. Kailangan ng malalim at maayos na pagmumuni-muni, pagsusuri, pagpapahayag at maraming ulit na pagsusulat hanggang ito ang siyang magiging isang ganap na pahayag ng iyong misyon sa buhay. Maaaring abutin ka ng maraming araw ng pagsusuri, pagsusulat at pagbabago.

Sa kabuuan, ang iyong misyon ang iyong magiging saligan at makabuluhang pahayag ng iyong pananaw at pagpapahalaga. Ito rin ang siya mong batayan upang masukat ang mga bagay-bagay na sangkot sa iyong buhay.

Pinatunayan ni Covey na kailangan niyang maglaan ng panahon sa isang pampang na nag-iisa upang mapag-isipang mabuti ang nilalaman ng pahayag ng kanyang misyon. Matiyaga niya itong binuo sa loob ng maraming oras. Nasiyahan at may ganap na kalayaang naramdaman pagkatapos mabuo ang pahayag ng kanyang misyon sa buhay.

Iniugnay niya ang bawat salita sa kanyang misyon sa kanyang mga pag-uugali at paniniwala sa buhay.

Isang halimbawa ng isang malinaw na pahayag ng isang misyon ay ganito:

"Ang aking misyon ay ang mabuhay ng may integridad at gumawa ng makabuluhang pagbabago o kakaiba para sa buhay ng ibang tao."

Matutupad ang misyong ito sa pamamagitan ng:

- Aking pagmamahal: Minamahal ko ang bawat isa maging sino o anuman siya.
- Aking pagpaparaya: Ilalaan ko ang aking panahon, talino at kayamanan sa pagtupad ng aking misyon.
- Aking panghikayat: Nagtuturo ako sa pamamagitan ng halimbawa na tayo ay anak ng Diyos at kaya nating magapi kahit na isang Goliath.
- Aking impluwensiya: Aking mga paraan upang mabago ang pananaw ng iba sa kanilang buhay.

Ang mga gampanin na dapat mapagtuunan ng pansin upang matupad ang aking misyon ay ang sumusunod:

- Kabiyak ng puso – Ang aking maybahay ang mahalagang tao sa aking buhay.
- Ama – Ginagabayan ko ang aking mga anak na patuloy nilang madama ang kasiyahan ng kanilang buhay

- Kapatid – Madalas akong nasa kanila upang sila ay suportahan at mahalin.
- Kapatid sa pananampalataya – Maaasahan ako ng Diyos na tuparin ang Kanyang kalooban at paglingkuran ang aking kapwa.
- Kapitbahay – Ang pagmamahal ng Diyos ay nakikita sa aking mga kilos at pakikitungo sa aking kapwa.

Ang mga ito ay ilan sa mga gampanin ni Covey. Dahil siya ay kilalang manunulat at tagapagsalita sa malalaking samahan at sektor sa lipunan, bahagi rin ng kanyang gampanin ang makaimpluwensiya sa pagbabago ng pananaw ng ibang tao.

Pinatunayan niyang ang mga layunin at gampanin ng tao ang siyang bubuo at magbibigay direksyon sa iyong misyon sa buhay. Malinaw na ang iyong misyon ay kinasasangkutan ng mga taong mahalaga sa iyong buhay. Mahalagang malinaw sa iyo kung anu-ano ang iyong mga gampanin sa buhay at kung anu-ano ang iyong pangarap at layunin sa buhay.

Mula sa The 7 *Habits of Highly Effective People*
By: Stephen Covey

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Higit na sigurong malinaw at maayos ang misyon mo sa buhay. Ngayon ay isulat mo ang iyong misyon sa buhay at itala sa ibaba ang mga paraan upang makamit mo ang misyon na ito.

ANG AKING MISYON

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Makakamit ko ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

.
.
.
.
.

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Lagyan ng tsek (/) ang kolum na higit na naglalarawan sa iyo

| | Palagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Iniisip ko ang mga taong mahalaga sa akin. | | | |
| 2. Naglaan ako ng panahon para matapos ang aking gawain. | | | |
| 3. Alam ko ang aking mga gampanin at papel sa aking buhay. | | | |
| 4. Nais kong makasama ang mahal ko sa buhay sa pagtamo ng aking pangarap. | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Matiyaga ako sa paghihintay ng aking mga pangarap sa buhay.<br><br>6. Iniisip ko ang aking misyon sa buhay.<br><br>7. Minamahalaga ko ang kapakanan ang aking kapwa.<br><br>8. Ako ay may paniniwala na matutupad ang aking mga pangarap.<br><br>9. Sinisikap kong malutas ang aking mga suliranin.<br><br>10. May pagpapahalaga ako sa aking buhay at pagkatao. | | | |

B. Basahing mabuti ang sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang bawat tao ay mayroong misyon sa buhay. Ang pagbuo ng misyon ng bawat tao ay tinatawag na
   a. indibidwal na misyon
   b. personal na misyon
   c. pangkatang misyon
   d. institusyunal na misyon

2. Ang mga kabilang na salik sa pagbuo ng misyon ay ang mga sumusunod liban sa isa:
   a. gusto o nais mo sa buhay.
   b. pinahahalagahan mo.
   c. pinaniniwalaan mo.
   d. kapalaran mo.

3. Kinakailangan ng matiyagang pagbubuo ng misyon sa buhay tulad ng sumusunod liban sa isa:
   a. maraming araw ng pagsusuri at pagmumuni-muni
   b. paulit ulit na pagsusulat
   c. paggastos ng pera
   d. pagbabago ng mga pahayag

4. Dahil sa matiyagang pagbuo ng misyon, maaari na itong maging
   a. maging saligan ng iyong mga parangarap.
   b. makabuluhang pahayag ng iyong pananaw
   c. kabuuan ng iyong mga pagpapahalaga.

d. batayan ng iyong kapalaran sa buhay.

5. Ang bawat salita at pahayag sa iyong ginawang misyon ay maaaring repleksyon ng iyong ___________ liban sa isa.
   a. pag-uugali
   b. kayamanan
   c. pagpapahalaga
   d. paniniwala

C. Sumulat ng sanaysay ukol sa paksang: “Misyon Ko sa Buhay, Aking Kaganapan”.

## VIII. Mga Sanggunian

BSE-DECS and Philippine Center for Population and Development: *A Guidance Resource Manual on the Growing Filipino Adolescent,* Module 2, Third Year Level, RHGP, BSE-DECS and PCPDI, 1998, ph 27-29.

Covey, Stephen R. 1993. *The Seven Habits of Highly Effective People, Restoring the Character Ethic*. Australia: The Business Library

Fernando, Gilda C. July 27, 2003. *Mission in Life.* Sunday Life Style. Philippine Daily Inquirer. ph. G1-G2

### Susi sa Pagwawasto

Handa ka na ba?

A.

Palagi - 3 points
Minsan - 2 points
Hindi - 1 point

| Score | | Marka |
|---|---|---|
| 21 - 30 | - | Mataas ang pagpapahalaga sa misyon sa buhay |
| 11 - 20 | - | Katamtaman ang pagpapahalaga sa misyon sa buhay |
| 0 - 10 | - | Mababa ang pagpapahalaga sa misyon sa buhay |

B.

1. b
2. d
3. c
4. d
5. b

Gaano ka Natuto?

A.

Palagi - 3 points
Minsan - 2 points
Hindi - 1 point

| Score | | Marka |
|---|---|---|
| 21 - 30 | - | Mataas ang pagpapahalaga sa misyon sa buhay |
| 11 - 20 | - | Katamtaman ang pagpapahalaga sa misyon sa buhay |
| 0 - 10 | - | Mababa ang pagpapahalaga sa misyon sa buhay |

B.

1. b
2. d
3. c
4. d
5. b

Gamiting gabay ang rubric sa ibaba sa pagbibigay ng puntos sa isinulat na sanaysay.

| Napakahusay 5 | Mahusay 4 | Katamtaman 3 | Maaari pang mapahusay 2 | Kailangang Pagbutihin 1 |
|---|---|---|---|---|
| Bumanggit ng 5 at higit pang kahalagahan ng misyon sa buhay | Bumanggit ng 4 na kahalagahan ng misyon sa buhay | Bumanggit ng 3 kahalagahan ng misyon sa buhay | Bumanggit ng 1 o 2 kahalagahan ng misyon sa buhay | Walang binanggit na kahalagahan ng misyon sa buhay |
| Malinaw ang paglalahad ng mga ideya | Medyo may kalinawan ang paglalahad ng mga ideya | May kalabuan ang ilang ideya | May kalabuan ang karamihan sa mga ideya | Malabo ang mga ideya |
| Maayos ang pagkakasunud-sunod ng mga pangungusap | Medyo maayos ang pagkakasunud-sunod ng mga pangungusap | May kaguluhan ang pagkakasunud-sunod ng ilang pangungusap | May kaguluhan ang pagkakasunud-sunod ng maraming pangungusap | Hindi maayos ang pagkakasunud-sunod ng mga pangungusap |
| Makatotohanan ang lahat ng mga ideyang binanggit | Makatotohanan ang marami sa mga ideyang binanggit | Makatotohanan ang ilan sa mga ideyang binanggit | Makototohanan ng kaunti ang mga ideyang binanggit | Walang katotohanan sa mga ideyang binanggit |